Pasuguan ng Pilipinas

سفارة الفلبين

Embassy of the Philippines

KUWAIT

**PAALALA / BABALA SA PUBLIKO**
**TUNGKOL SA TRAVEL DOCUMENT AT PAG-UWI NG PILIPINAS**

ANG EMBAHADA NG PILIPINAS AY MAY MGA NATANGGAP NA SINUMPAANG REKLAMO GALING SA MGA FILIPINO DITO SA KUWAIT KAUGNAY SA ISANG TAO NA NAGSASABI NA TUTULONG SA PAGKUHA NG TRAVEL DOCUMENT AT MAPAPADALI ANG PAG-UWI SA PILIPINAS NG MGA FILIPINO O MANGGAGAWA NA HINDI DOKUMENTADO AT LUMAGPAS NA SA ITINAKDANG PANAHON ANG PAGLAGI SA KUWAIT (EXPIRED VISA).

ANG MGA PILIPINO NA NAGREREKLAMO AY PAWANG MGA HINDI DOKUMENTADO, LAGPAS NA SA ITINAKDANG PANAHON ANG INILALAGI SA KUWAIT (EXPIRED VISA) AT MGA MANGGAGAWANG DI PINALAD SA KANILANG MGA AMO O PINAGTATRABAHUHAN NA SA KASALUKUYAN AY NAGSISIPAGTRABAHO KUNG SAAN-SAAN PARA LAMANG MAKARAOS SA ARAW-ARAW. SILA AY NAKAPAG-DESISYON UMUWI NA UPANG MAKAPILING MULI ANG KANILANG MGA PAMILYA SA PILIPINAS.

SA KANILANG KAGUSTUHAN NA MAKA-UWI, NAKAKALUNGKOT NA SILA AY NAGIGING BIKTIMA NG MGA MAPAGSAMANTALA NATING MGA KABABAYAN NA NANGAGAKO NG TULONG NA WALA NAMANG KATOTOHANAN.

ANG MGA NAGING BIKTIMA NG WALANG KATOTOHANANG PANGAKO NG TULONG AY NAGSABI NA SILA AY NAGBIGAY SA MGA MAPAGSAMANTALANG KABABAYAN DIN NG PAUNANG KABAYARAN NA NAGKAKAHALAGA NG MULA SA **KUWAIT DINAR (KD) 20 HANGGANG KUWAIT (KD) DINAR 70** KAPALIT NG PANGAKO NA SILA AY MAKUKUHANAN NG TRAVEL DOCUMENT AT MAKAKAUWI NG MADALIAN SA PILIPINAS NA MAY PAHINTULOT NG MGA OPISYALES NG KUWAIT IMMIGRATION. ITO AY SA KADAHILANANG SILA DAW AY MAY MGA KONEKSYON (WASTA) SA EMBAHADA AT SA MGA OPISYALES NG KUWAIT IMMIGRATION.

NAGPAPAALALA ANG EMBAHADA NG PILIPINAS SA PUBLIKO AT MGA PILIPINO NA **MAGSADYA NG PERSONAL SA ATING EMBAHADA AT DUMULOG SA MGA OPISYALES NITO KUNG KINAKAILANGAN ANG TULONG PARA MAKAUWI SA PILIPINAS. ANG ASSISTANCE TO NATIONALS UNIT (ATNU) NG EMBAHADA ANG MAGLALAPIT NG INYONG MGA KASO SA MGA KINAUUKULANG OPISYALES DITO SA KUWAIT AT SILA DIN ANG MAAARI LAMANG MAGBIGAY SA INYO NG TRAVEL DOCUMENT KUNG KINAKAILANGAN.**

Philippine Embassy
Kuwait

DAPAT DIN NINYONG TANDAAN NA ANG TRAVEL DOCUMENT NA IPINAGKAKALOOB NG EMBAHADA AY ISANG OPISYAL NA DOKUMENTO NG PAMAHALAAN NG PILIPINAS AT **WALA ITONG BAYAD O ANUMANG GASTUSIN ANG SINO MAN NA MANGANGAILANGAN NITO.**

MAKIPAG-UGNAYAN LAMANG PO SA AMIN KUNG MAY IBA PA O SINO MAN NA NAGING BIKTIMA NG NATURANG MODUS O ANO MANG KLASE NG PANLOLOKO NA GINAGAMIT ANG PANGALAN NG ATING EMBAHADA.

MAKAKAASA ANG LAHAT NA ANG EMBAHADA AY GUMAGAWA NA NG MGA KAUKULANG HAKBANG AT PAG-IIMBESTIGA KATULONG ANG MGA AWTORIDAD NG KUWAIT UPANG AGAD NA MASUGPO ANG GANITONG MALING GAWAIN.

KUNG KAYO AY MAY IBA PANG MGA KATANUNGAN O GUSTONG LINAWIN, **MAAARI KAYONG TUMAWAG SA MGA SUMUSUNOD NA HOTLINES NG ATN NG ATING EMBAHADA 6500-2612 AT 9800-5115.**

**RENATO P.O. VILLA**
Ambassador

Philippine Embassy
Kuwait